# Matapat

## NOTES

## WARM-UP

- Sa lahat ng iyong mga kapamilya at kaibigan, sino ang maituturing mo na pinakatapat sa'yo? Isalaysay ang isang pagkakataon na nagpapakita nito.
- Sa iyong palagay, mahihirapan ka ba na sumunod sa isang tao na mas bata sa'yo? Ipaliwanag ang iyong sagot?
- Anong kasabihan o prinsipyo ang nagsisilbing gabay sa buhay mo? Magbigay ng isang sitwasyon na ipinakita mo ang iyong paniniwala dito.

**WORD**

*[1]Si Josia ay walong taong gulang nang maging hari. Sa Jerusalem siya tumira, at naghari siya sa loob ng 31 taon. [2]Matuwid sa paningin ng Panginoon ang ginawa niya at sumunod siya sa pamumuhay ng ninuno niyang si David. At hindi siya tumigil sa paggawa ng mabuti.* **2 CRONICA 34:1,2**

(Basahin ang kabuuan ng **2 CRONICA 34**.)

---

Maraming masasamang mga hari ang namuno bago kay Haring Josia. Sa kabila ng kakulangan ng mabubuting halimbawa at ng kanyang murang edad, siya ay naging isang hari na sumusunod sa Panginoon. Kahit wala pa siyang karanasan, nagawa niyang pamunuan ang mga mamamayan ng Diyos pabalik sa Kanya. Ipinapakita ng buhay ni Josia na ang layunin ng ating buhay ay hindi nakasalalay sa ating kalagayan kundi sa kadakilaan at kabutihan ng Diyos. Higit pa rito, ipinapakita nito ang malaking potensyal ng mga kabataan na makapagdulot ng pagbabago sa kanilang pamilya, komunidad, at maging sa mga kaharian at bayan. Kung gusto nating mabago ang mundo ayon sa pamamaraan ng Diyos, dapat nating tularan si Josia at ihanda ang isang henerasyon na tapat sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Sa araling ito, ating titignan ang debosyon ni Josia, at kung paano natin ito maisasapamuhay.

## 1 Matapat sa Panginoon

*[2]Matuwid sa paningin ng Panginoon ang ginawa niya at sumunod siya sa pamumuhay ng ninuno niyang si David. At hindi siya tumigil sa paggawa ng mabuti. [3]Nang ikawalong taon ng paghahari niya, habang bata pa siya, nagsimula siyang dumulog sa Diyos ng kanyang ninunong si David . . .*
**2 CRONICA 34:2,3**

Si Josia ay dumulog sa Panginoon, gaya ng ginawa ni David na nabuhay 400 taon ang nakaraan bago siya. Dahil dito, hindi niya sinuway ang mga kautusan ng Diyos. Gaya ni David, maaari tayong magsilbing mga halimbawa para sa mga susunod na henerasyon. Ang ating paraan ng pamumuhay ay maaaring maging inspirasyon at humikayat sa kanila na sumunod sa Diyos kahit ano pa ang kanilang kaharapin. Paano mo mabibigyan ng inspirasyon ang iba na lumapit din sa Diyos?

## 2 Matapat sa Katuwiran

*[3]. . . At noong 12 taon ng paghahari niya, nilinis niya ang Juda at Jerusalem sa pamamagitan ng pagpapagiba ng mga sambahan sa mga matataas na lugar, ng mga posteng simbulo ng diyosang si Ashera, ng mga diyos-diyosan at ng mga imahen. [4]Ipinagiba rin niya ang mga handugan para kay Baal at ang mga handugan na pinagsusunugan ng insenso sa tabi nito. Ipinadurog niya ang mga posteng simbolo ng diyosang si Ashera, ang mga diyos-diyosan at ang mga imahen, at isinabog sa libingan ng mga taong naghandog sa mga ito.*

**2 CRONICA 34:3,4**

Sa kanyang pagdating sa wastong gulang, sinimulan ni Josia ang mga pagbabago sa Juda at Jerusalem. Naging tiyak ang kanyang mga pagkilos upang ipagiba ang mga lugar kung saan nagaganap ang pagsamba sa mga diyos-diyosan. Sa kanyang pagdulog sa Diyos, hinangad din niyang gawin kung ano ang banal sa Kanyang mga mata. Paano ipinakita ni Josia ang kanyang katapatan na gawin kung ano ang tama?

## 3 Matapat sa Kautusan

*[30]. . . Binasa sa kanila ni Josia ang lahat ng nakasulat sa Aklat ng Kautusan ng Diyos, na nakita sa templo ng Panginoon. [31]Pagkatapos, tumayo si Josia sa tabi ng haligi na madalas tayuan ng hari. At gumawa siya ng kasunduan sa presensya ng Panginoon na susundin niya ang Panginoon sa pamamagitan ng pagtupad ng kanyang mga utos, katuruan, at tuntunin nang buong puso't kaluluwa. Nangako siyang tutuparin niya ang mga ipinapatupad ng kasunduan ng Diyos na nakasulat sa aklat.*

**2 CRONICA 34:30,31**

Si Josia ay hindi lamang nakinig sa Salita ng Diyos. Siya ay kumilos ayon sa sinasabi nito. Matapos marinig ang Aklat ng Kautusan, siya ay nagpakumbaba sa harapan ng Diyos. Tinawag din niya ang mga tao sa isang pagtitipon, binasa ang Aklat ng Kautusan sa kanilang harapan, at nagtakda ng kasunduan na susundin nila ang Salita ng Diyos. Dahil sa debosyon at pagpapakumbaba ni Josia, ipinangako sa kanya ng Diyos na bibigyan sila ng kapayapaan hanggang sa katapusan ng kanyang buhay (2 Cronica 34:28). Matapos marinig ang Salita ng Diyos, ano ang ipinangako ni Josia sa harap ng Diyos?

## APPLICATION

- Basahin at pag-isipan ang Deuteronomio 7:9. Paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang katapatan sa'yo, at ano ang naging sagot mo sa Kanya? Ngayong linggo, ibahagi sa isang nakababatang kaibigan ang katapatan ng Diyos sa buhay mo.
- Paano ka magiging mas matapat sa Salita ng Diyos araw-araw? Paano mo matuturuan ang isang tao na maging matapat din sa Salita ng Diyos?
- Ano ang isang bagay na pumipigil sa'yo na lumapit sa Diyos at unahin Siya sa iyong buhay? Ano ang gagawin mo tungkol dito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang Salita na gumagabay at nagtuturo sa atin.
- Ipanalangin na ikaw ay maging matapat sa Diyos at sa Kanyang Salita araw-araw. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng kakayahan na maging isang maka-Diyos na halimbawa sa nakababatang henerasyon.
- Ipanalangin na ang mga susunod na henerasyon ng mga pinuno ay magiging tapat sa Diyos, sa Kanyang kabanalan, at sa Kanyang Salita. Ipanalangin na ang kanilang mga buhay ay maitatatag sa Diyos at hindi sa mga pangyayari, angkan, o anumang bagay sa mundo.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph